# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 25*
# *Pakikipagkaibigan sa Dios Yugto 4*

***"13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan. 14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo. 15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo." (Juan 15:13-15 KJV)***

Sinunod ba ng unang simbahan ang pagkakaibigan? Itinagubilin ba ng mga apostol ang mga pakikipagkaibigan sa loob ng simbahan tulad ng nasa mundo o itinuro nila ang mga alintuntunin ng Salita ng Dios upang magkaroon ng tamang kaugnayan sa loob ng katawan ni Cristo? Ang Kasulatan ay magandang sanggunian upang masagot natin ang mga tanong na ito at matuto ng mabuti at praktikal na mga bagay na mailalapat sa ating buhay at ministerio sa Panginoon.

***1. Apostol Pablo: "5 At batiin ninyo ang iglesia na nasa kanilang bahay. Batiin ninyo si Epeneto na minamahal ko, na siyang pangunahing bunga ng Asia kay Cristo. 6 Batiin ninyo si Maria, na lubhang nagpagal sa inyo. 7 Batiin ninyo si Andronico at si Junias, na aking mga kamaganak, at mga kasama ko sa pagkabilanggo, na siyang mga bantog sa mga apostol, na sila nama'y nangauna sa akin kay Cristo. 8 Batiin ninyo si Ampliato na aking minamahal sa Panginoon. 9 Batiin ninyo si Urbano na aming kamanggagawa kay Cristo, at si Estaquis na minamahal ko. 10 Batiin ninyo si Apeles na subok kay Cristo. Batiin ninyo ang mga kasangbahay ni Aristobulo. 11 Batiin ninyo si Herodion na aking kamaganak. Batiin ninyo ang mga kasangbahay ni Narciso, yaong nangasa Panginoon. 12 Batiin ninyo si Trifena at si Trifosa, na nangagpapagal sa Panginoon. Batiin ninyo si Persida na minamahal, na lubhang nagpagal sa Panginoon." (Roma 16:5-12 KJV)*** Ginamit ni Apostol Pablo dito ang ***"minamahal ko" "aking minamahal"*** o ***"na minamahal"*** sa paglalarawan sa kanyang tapat na mga kapatid at kamanggagawa sa Panginoon. Sila'y minamahal dahil sila'y minamahal sa Dios at minamahal sa ating Panginoong, JesuCristo. Ang Griyegong salita para sa **'minamahal'** ay **'Agapetos'**, na ang ibig sabihin ay pinahahalagahan, mahal, o karapat dapat sa pagmamahal. Kaya ginagamit natin ang katagang minamahal kapag ang mga kapatid ay minamahal ng Dios at ng ating Panginoong Jesu Cristo tulad ng mga ito ay minamahal, lubos na pinahahalagahan at karapat dapat sa pag ibig ng Dios at kay Cristo. Ating pag aralan ang ilan sa mga taong inilarawan ni Pablo bilang minamahal.
***A. "Batiin ninyo si Epeneto na <u>minamahal ko</u>, na siyang pangunahing bunga ng Asia kay Cristo." (Roma 16:5 KJV)*** Si Epeneto ang unang nagbalik loob sa Acaya at ang kanyang pagtugon sa mensahe ng evangelio ay nakatulong nang malaki sa misyon ng Dios na ginagawa ni Pablo, at tiyak na ang kanyang pagbabalik-loob ay nagdala sa iba kay Cristo. Kaya dapat tayong maakit sa patotoo ng iba na nag-aalay ng kanilang buhay sa Panginoon at sinimulang maglingkod sa Kanya kasama natin. Ang gayong mga kapatid ay magiging ating minamahal.

***B. Batiin ninyo si Persida <u>na minamahal</u>, na lubhang nagpagal sa Panginoon." (Romans 16:12 KJV)*** Si Persida ay lubhang nagpagal sa Panginoon, kaya naman iniugnay ni Pablo ang kanyang pangalan sa salitang minamahal. Ang gayong kapatid na nagpagal sa Panginoon at alalayan ang ministerio ay magiging ating minamahal.

Ang gayong mga bagay na matatagpuan mo sa ibang mga sinulat ni Pablo, ***"14 Binabati kayo ni Lucas, ang minamahal na manggagamot, at ni Demas." (Colosas 4:14)*** Si Lucas ay Gentil na alagad. At siya ay kasama ni Pablo sa pangangaral ng evangelio at sa kanyang maraming paglalakbay; siya ay manggagamot at ang may akda ng mga aklat ng Lucas at Mga Gawa sa Bagong Tipan. Sa isang okasyon binanggit ni Pablo kay Timoteo, na sa isang tiyak na panahon ng kanyang buhay at ministerio, ang tanging taong nasa tabi niya ay si Lucas, ***"11 Si Lucas lamang ang kasama ko. Kaunin mo si Marcos, at ipagsama mo; sapagka't siya'y napapakinabangan ko sa ministerio." (2 Timoteo 4:11 KJV)*** Ang minamahal ay ang mga nanatili sa ating tabi at umaalalay para sa layunin ni Cristo habang sinisikap nating maabot ang mga naliligaw. Ang mga nananatili sa atin para sa layunin ni Cristo, samantalang ang iba ay iniwan tayo, sila ang mga minamahal ni Cristo at natin.

Sa loob ng simbahan at ministerio walang daan para sa makamundong pakikipagkaibigan at ang makamundong pakikipag ugnayan. Sa halip ay naroon ang Salita ng Dios na dapat isagawa ng lahat sa kanyang sarili sa naayon, at mamuhay at maglingkod nang may takot sa Panginoon. Minamahal at pinarangalan ni Pablo ang kanyang matatapat na kamanggagawa na naglilingkod sa Panginoon ng buong puso kasama niya sa ministerio at sa pamumuno, pangangasiwa at pagpapagal sa Simbahan ng Dios. Sa gayong paraan, pinararangalan natin ang ating matatapat na kamanggagawa na buong pusong naglilingkod sa Panginoon kasama natin sa ministeryo at sa pamumuno, pangangasiwa at pagpapagal sa kapisanan ng Simbahan ng Dios.

***"1 Si Pablo, na bilanggo ni Cristo Jesus, at si Timoteo na ating kapatid kay Filemon na aming minamahal at kamanggagawa," (Filemon 1:1 KJV)*** Si Filemon ay kamanggagawa ni Pablo sa ministerio ng Simbahan ng Dios, na karapat dapat siyang tawaging ***"na aming minamahal."***

Sa ngayon ang mga simbahan ginagamit nila ang salitang mga kaibigan upang hangaan at palayawin ang isa't isa ngunit hindi sinusunod kung kanino at para saan ginamit ang Salita ng Dios. Ang sosyalisasyon, pagsasalo sa pagkain, at pagkakaibigan sa loob ng simbahan ay magpapasimula ng katiwalian, paboritismo, emosyon, at kawalang katarungan. Ang ministerio ay hindi tungkol sa paglalayag, safaris, paglalakbay o paggalugad, mga pagkain o  pagdiriwang, mga benepisyo sa isa't isa at pagkunsinti sa isa't isa, ngunit sa halip ay pagpapagal at pagdurusa para kay Cristo.

Ang malaking bilang ay ginagamit nila ang salitang kaibigan o mga kaibigan upang ilarawan ang mga tao na nagbibigay ng pananalapi para alalayan ang ministerio, kahit na sila'y hindi nagpapakita ng pangako sa Salita ng Dios o sa Kanyang simbahan. Kailanma'y hindi ginamit ni Pablo ang salitang minamahal sa gayong kaugnay na kahulugan. Maging gayon din sa atin, na gamitin natin ang Salitang minamahal upang ilarawan ang mga taong nagsisikap para sa simbahan at ministeryo ng Dios. Ang pagsisikap para sa simbahan at ministerio ng Dios ang mithiin ng bawat manggagawa na kailangan niyang makamit bilang minamahal ng Dios at ni Cristo.

***2. Apostol Santiago: "4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios." (Santiago 4:4 KJV)*** Hinatulan ni Santiago ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan, at nilinaw niya na kung ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan at ang mga alintuntunin nito ay ipapakilala sa buhay ng bayan ng Dios at ng Kanyang simbahan, iyon ang magtatag ng pakikipag away sa Dios. Ginamit ni Santiago ang salitang mga kapatid upang ilarawan ang kanyang pakikipag ugnayan sa lahat ng mga kasapi ng katawan ni Cristo, gaya ng mababasa mo dito, ***"2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso." (Santiago 1:2 KJV)*** Ang Griyegong salita par sa **'Kapatid'** ay **'Adelphos'**. Ang kahulugan ng kapatid dito ay sa pagiging kapatid ni Jesus, gaya ng inilarawan ni Pablo si Jesus, sa pagiging unang bunga, na nabuhay na maguli mula sa mga patay sa maraming mga kapatid, ***"29 Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid:" (Roma 8:29 KJV)***

***"1 Mga kapatid ko, yayamang mayroon kayong pananampalataya ng ating Panginoong Jesucristo, na Panginoon ng kaluwalhatian ay huwag magtatangi sa mga tao." (Santiago 2:1 KJV)*** Nilinaw ni Santiago na walang paggalang ang Dios sa tao, kaya dito ay pinatunayan niya na wala nang makamundong mga alituntunin ng pagkakaibigan sa loob ng katawan ni Cristo. Sa ganitong paraan inalis niya ang paboritismo, kawalang-katarungan at katiwalian sa loob ng mga kasapi ng Simbahan ng Dios; kaya nga ang mga kaibigan ni Jesus sila nga ang ating mga kapatid.

***3. Apostol Juan:*** ating basahin ang ikatlong sulat ni Juan: ***"1 Ang matanda, kay Gayo <u>na minamahal</u>, na aking iniibig sa katotohanan. 2 <u>Minamahal</u>, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa. 3 Sapagka't ako'y totoong nagalak nang magsidating ang mga kapatid at mangagpatotoo sa iyong katotohanan, ayon sa paglakad mo sa katotohanan. 4 Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan. 5 <u>Minamahal</u>, ginagawa mo ang tapat na gawa sa lahat ng iyong ginagawa doon sa mga kapatid at sa mga taga ibang lupa; 6 Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pagibig sa harapan ng iglesia: na iyong gagawan ng magaling kung iyong tutulungan sila ng nararapat sa Dios, sa kanilang paglalakbay:7 Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon sila na walang kinuhang anoman sa mga Gentil. 8 Nararapat nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan. 9 Ako'y sumulat ng ilang bagay sa iglesia: datapuwa't si Diotrefes na nagiibig magkaroon ng kataasan sa kanila, ay hindi kami tinatanggap. 10 Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalaala ko ang mga gawang kaniyang ginagawa, na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin: at hindi nasisiyahan sa ganito, ni hindi man niya tinatanggap ang mga kapatid, at silang mga ibig tumanggap ay pinagbabawalan niya at pinalalayas sila sa iglesia. 11 <u>Minamahal</u>, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Dios. 12 Si Demetrio ay pinatototohanan ng lahat, at ng katotohanan: oo, kami man ay nagpapatotoo rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay. 13 Maraming mga bagay ang isusulat ko sana sa iyo, datapuwa't hindi ko ibig isulat sa iyo ng tinta at panulat: 14 Datapuwa't inaasahan kong makita kang madali, at tayo'y magkakausap ng mukhaan. Ang kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka ng <u>mga kaibigan</u>. Batiin mo ang <u>mga kaibigan</u> sa pangalan." (3 Juan 1:1-14 KJV)*** Ang ginamit ni Juan ay ***"Minamahal"*** at ***"mga kaibigan"*** sa paglalarawan sa kanyang matatapat na kapatid at manggagawa sa Panginoon, na lumalakad sa katotohanan, at tumutulong sa mga kapatid na humayo upang dalhin ang mensahe ng Dios sa mga naliligaw.

***"1 Ang matanda, kay Gayo <u>na minamahal</u>, na aking iniibig sa katotohanan." (3 Juan 1:1 KJV)*** Si Apostol Juan, ang sumulat ng liham ay sumulat***, "kay Gayo <u>na minamahal</u>".*** Si Gayo ay nanirahan sa ilang lugar na malapit sa Efeso, sapagkat ang apostol sa kanyang katandaan ay naglalayong lumapit at makita siya sa lalong madaling panahon, ***"13 Maraming mga bagay ang isusulat ko sana sa iyo, datapuwa't hindi ko ibig isulat sa iyo ng tinta at panulat: 14 Datapuwa't inaasahan kong makita kang madali, at tayo'y magkakausap ng mukhaan. Ang kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka ng mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan sa pangalan." (3 Juan 1:13-14 KJV)*** Si Gayo ay lubos na minamahal ng Dios, na natanggap ang biyaya ng Dios; ang kanyang kaluluwa ay naligtas, paglakad sa katotohanan ng Panginoong Jesucristo, sapagkat ang lahat ng mga kapatid na nakakakilala sa kanya ay nalalaman na siya ay tapat, at iyon ang dahilan kung bakit siya ay lubos na minamahal ni Apostol Juan: ***"3 Sapagka't ako'y totoong nagalak nang magsidating ang mga kapatid at mangagpatotoo sa iyong katotohanan, ayon sa paglakad mo sa katotohanan. 4 Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan." (3 Juan 1:3-4 KJV)*** Hiling ni Apostol Juan sa kanya ang kaginhawaan, at mabuting katawan para sa kanyang katawan nang sumulat siya sa kanya, ***"na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa." (3 Juan 1:2 KJV)*** Sa gayon ding paraan ay nais natin ang gayon ding kasaganaan sa katayuan, at mabuting kalusugan ng katawan sa ating mga minamahal na kapatid sa Panginoon na tapat na lumalakad sa Panginoon at tapat na naglilingkod sa Kanya at sa mga ministerio ng Dios.

***"5 <u>Minamahal</u>, ginagawa mo ang tapat na gawa sa lahat ng iyong ginagawa doon sa mga kapatid at sa mga taga ibang lupa; 6 Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pagibig sa harapan ng iglesia: na iyong gagawan ng magaling kung iyong tutulungan sila ng nararapat sa Dios, sa kanilang paglalakbay:" (3 Juan 1:5-6 KJV)*** Si Gayo ay mabuting patotoo at mabuting saksi bilang tapat sa paggawa niya at paglilingkod sa mga kapatid at sa mga taga ibang lupa. Si Gayo tila siya ay may parehong sukatan sa pakikitungo sa mga kapatid at sa mga dayuhan. Nagbibigay siya ng kawanggawa, paglilingkod at suporta sa mga gumagawa ng gawain ng Dios nang walang pabor at may dalisay na puso at motibo, sapagkat sinusuportahan ni Gayo maging ang mga kapatid na mga dayuhan sa kanya na hindi

niya kilala noon, at ginagawa niya iyon dahil kusang loob nilang gumagawa upang abutin ang mga Gentil at dalhin ang evangelio sa kanila, ***"7 Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon sila na walang kinuhang anoman sa mga Gentil. 8 Nararapat nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan." (3 Juan 1:7-8 KJV)*** Sinusuportahan ni Gayo ang mga tao na tapat sa kanilang misyon at humayo upang ipangaral ang evangelio ni Jesucristo sa mga Gentil at hindi tumatanggap ng anumang suporta mula sa mga Gentil. Binabati ni Apostol Juan si Gayo sa kanyang pag alalay at pagtulong sa mga taong tapat na naglilingkod sa Panginoon. Ngunit nalungkot si Apostol Juan kay Diotrephes, na kabaligtaran ni Gayo, ***"9 Ako'y sumulat ng ilang bagay sa iglesia: datapuwa't si Diotrefes na nagiibig magkaroon ng kataasan sa kanila, ay hindi kami tinatanggap." (3 Juan 1:9 KJV)*** Na makasarili, mapagmalaki sa sarili, at tinanggihang tanggapin si Apostol Juan nang tanggihan niyang tanggapin ang mga itinagubilin ni Apostol Juan upang tulungan. Bukod dito, si Diotrefes ay nagsalita ng hindi totoong mga bagay tungkol kay Apostol Juan, at pinaalis ang mga kapatid na sumunod sa mga utos at di tinanggap at tulungan ang mga kapatid na itinagubilin sa pamamagitan ng Apostol. Kaya nagpasya si Apostol Juan na sawayin siya kapag siya ay pumaroon: ***"10 Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalaala ko ang mga gawang kaniyang ginagawa, na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin: at hindi nasisiyahan sa ganito, ni hindi man niya tinatanggap ang mga kapatid, at silang mga ibig tumanggap ay pinagbabawalan niya at pinalalayas sila sa iglesia." (3 Juan 1:10 KJV)*** Sinabi ni Apostol Juan kay Gayo at sinasabi sa atin ngayon na huwag tularan ang gayong masamang halimbawa, ***"11 Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Dios." (3 Juan 1:11 KJV)***

Bukod sa mabubuting halimbawa ng minamahal na si Gayo, nagbigay si Apostol Juan ng isa pang mabuting halimbawa upang tularan, ang halimbawa ni Demetrio gaya ng sinabi niya, ***"12 Si Demetrio ay pinatototohanan ng lahat, at ng katotohanan: oo, kami man ay nagpapatotoo rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay." (3 Juan 1:12 KJV)*** Ngayon batid natin kung anong uri ng mga tao na tatawagin nating mga kapatid at minamahal, at kung kanino nating kailangang tumulong at sumuporta.

Natapos ni Apostol Juan ang kanyang liham sa ganitong paraan: ***"Ang kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka ng mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan sa pangalan." (3 Juan 1:14 KJV)*** Ang Griyegong salita para **'kaibigan'** ay **'Philos'**. At malinaw nating ipinaliwanag na ang mga kaibigan ni JesuCristo ay ayon sa pamantayan ng pakikipagkaibigan sa Kanya, sila din ay ating mga kaibigan at minamahal. May mga kaibigan na kaibigan ni Jesus kay Apostol Juan at kay Gayo. Ang katulad sa atin na kailangan nating magkaroon ng mga kaibigan kay Jesus at sa atin ngayon.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Pagnilayan ang mensahe at ilapat ang mga alintuntin ng Salita ng Dios sa iyong buhay, bilang handa kang maglingkod sa Kanya at sa Kanyang simbahan, at gawin ang iyong pinakamabuti upang tawaging minamahal at kaibigan ayon sa pamantayan ng Salita ng Dios.

Matutunan mula sa iba't ibang halimbawa at sa Banal na Kasulatan na nakasulat sa mensahe. Pagnilayan at tingnan kung paanong ang mensahe ay magiging praktikal sa iyong buhay. Tinatawag ka ng Dios na maging Kanyang kaibigan at minamahal, sa gayon kailangan mong mabago sa pagbabago ng iyong isip at hindi na dapat umayon sa huwaran ng mundong ito kundi ipamuhay ang sumusunod na mga alituntunin na natutuhan natin mula sa Kasulatan sa mensaheng ito at alamin kung sino ang ating tunay na mga kapatid, minamahal at kaibigan at alamin kung ano ang kailangan mong gawin sa kanila:

1. Ang mga tunay na kaibigan at minamahal ay may mabuting patotoo na nag-aalay ng kanilang buhay sa Panginoon at sinisimulang maglingkod sa Kanya.
2. Ang mga tunay na kaibigan at minamahal ni Jesus ay masigasig na maabot ang mga naliligaw.
3. Ang tunay na mga kaibigan at minamahal ay ang ating mga kapatid na nagsisikap sa Panginoon upang suportahan ang mga ministerio ng Dios.
4. Ang tunay na mga kaibigan at minamahal ay yaong mga nananatili sa tabi natin at sumusuporta sa atin para sa layunin ng Evangelio ni Cristo habang sinisikap nating maabot ang mga naliligaw. Ang mga nananatili sa atin para sa layunin ni Cristo, samantalang ang iba ay iniwan tayo, sila ang tunay na mga kaibigan at mga minamahal ni Cristo at natin.
5. Ang mga tunay na kaibigan at minamahal ni Jesus ay mga mapagpakumbabang tao at hindi sila ayon sa posisyon, pagkilala o prestihiyo, ngunit mayroon silang pang-unawa upang tulungan at paglingkuran ang mga taong kumikilos upang maglingkod sa Panginoon.
6. Ang mga tunay na kaibigan at minamahal ni Jesus ay hindi kikilos batay sa relasyon, batay sa emosyon, o batay sa benepisyo, paboritismo, kawalang katarungan o katiwalian, kundi kikilos sila batay sa mga alituntunin ng Salita ng Dios at gagawa nang naayon, at namumuhay at naglilingkod na may takot sa Panginoon.
7.Ang mga tunay na kaibigan at minamahal ni Jesus ay ang ating matatapat na kamanggagawa na buong pusong naglilingkod sa Panginoon kasama natin sa ministerio at sa pamumuno, pangangasiwa at paggawa sa mga kapisanan ng Simbahan ng Dios. Ang ministerio ay hindi tungkol sa mga paglalayag, safaris, paglalakbay o paggalugad, pagkain o mga pagdiriwang, mga benepisyo sa isa't isa at pagkunsinti sa isa't isa, sa halip ay pagsisikap at pagdurusa para kay Cristo.
8. Ang pagsisikap para sa simbahan at ministerio ng Dios ang mithiin ng bawat manggagawa na kailangan niyang makamit bilang minamahal at kaibigan ng Dios at ni Cristo.
9. Ang tunay na mga kaibigan at minamahal ng Dios ay mga tunay na tao na nakatayo sa tabi mo habang naninindigan ka sa Dios at naglilingkod sa Kanya sa pag-abot sa mga naliligaw.
10. Ang mga tunay na kaibigan at minamahal ni Jesus ay hindi magbibigay ng problema sa Panginoon ni magdaragdag ng karagdagang pasanin sa mga kapatid, na mga minamahal at kaibigan ni Cristo.
11. Nais natin ang kasaganaan sa katayuan, at mabuting kalusugan ng katawan sa ating mga minamahal na kapatid sa Panginoon na tapat na lumalakad kasama ng Panginoon at tapat na naglilingkod sa Kanya at sa mga ministeryo ng Diyos.

12. Nagbibigay tayo ng kawanggawa, paglilingkod, tulong at suporta sa mga taong kumukilos sa gawain ng Dios nang walang paboritismo, matapat, may dalisay na puso at malinis na motibo, at itinuturing natin silang mga kaibigan at minamahal.

*Tayo ay manalangin….*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Tayo ay magsisi at talikdan ang ating mga kasalanan. Ipahayag ang iyong mga kasalanan ngayon sa Panginoon. Panginoon Ako'y nagsisi sa mga sumusunod na mga kasalanan* ________________________

*Talikdan ang kasalanan ng pagiging makasarili, ang kasalanan ng paghahanap ng sariling benepisyo, ang kasalanan ng pagiging mapagmalaki, ang kasalanan ng hinid pagtulong at pag aalay sa mga tunay na mga kaibigan at sa mga minamahal na gumagawa at naglilingkod sa Dios, ang kasalanan ng pagkakaroon ng mga kaibigan na hindi mga kaibigan nin Jesus, ang kasalanan ng pagsunod sa iyong emosyon, at paggawa ng pagpapasya ayon sa iyong nararamdaman, ang kasalanan ng walang kahandaang abutin ang naliligaw, ang kasalanan ng masamang motibo, ang kasalanan ng pagsasalita ng masama laban sa mga gumagawa sa gawain ng Dios.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa malinaw na Salita sa akin. Panginoon bumabalik ako sa iyo at nais kong mapanibago sa pamamagitan ng Iyong Salita at ipamuhay ang aking buhay ayon sa iyong kalooban sa kabanalan at kalinisan. Linisin mo ako Panginoon, at itatag mo ako ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon dalangin ko na ibigay mo ang lahat ng aking kailangan. *

*Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na ipinangako ang kanilang sarili na mamuhay at gawin ang iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon dagdagan mo ang kanilang pananampalataya at pagtitiwala sa iyo. Panginoong Jesus bigyan mo sila ng higit na bunga ng Banal na Espiritu upang maging kahawig sa iyong pag uugali at iyon ay makita ka ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang mga buhay. Panginoon dalangin ko na nawa ay dumami pa ang mga taong mga kaibigan at minamahal mo. Panginoon bigyan mo pa kami ng pang unawa para makita at makilala ang mga kaibigan at minamahal mo upang ituring namin silang kaibigan at minamahal din namin.*

*Panginoon dalangin namin para sa amin bilang isang simbahan, Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na yumaon at mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon dalangin namin na paging dapatin kaming magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.